Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXXIII-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay sa Taunang Badyet para sa 1992 ng Barangay Sinalhan na nagkakahalaga ng ISAN DAAN ANIMNAPU'T DALAWANG LIBO, PITONG DAAN AT APATNAPU'T SIYAM NA PISO AT TATLONG SENTIMO (₱162,749.03) kasama ang kaukulang puna at rekomendasyon ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R GONZALES
Punong-bayan

***** *****

May kinalaman sa kaso administratibong inihain ni konsehal Nicolas Rivera laban kay Punong-barangay B envenido Tan ng Barangay Balibago ay sinabi ni Kag. Catindig na nararapat na bigyang hakbang ng kapulungan ang nabanggit. Idinagdag pa niya na malinaw ang pagtanggi ng Punong-barangay na tanggapin ang ipinadalang sipi ng Sangguniang Bayan batay sa pagtitibay ng Kagawaran ng Padalahang Sulat.

Pinagpasiyahan ng kapulungan na atasan ang Kalihim na mabigyang sipi ang lahat ng kagawad upang mapag-aralan ang kaso.

Iminungkahi ni Kag. Catindig na buksan sa hapag ang siping ipinadala kay Punong-barangay Tan, na pinangalawahan naman ni Kag. Almodovar.

**********

KAPASIYAHAN BLG. 163-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN

na nagtitibay sa Kapasiyahan Blg. 01-'92 na isinulit ng Sangguniang Pambarangay ng Barangay Caingin na ang halagang ₱5.00 at karagdagang 25% batay sa kaukulang bayad ng mga iba't-ibang uri ng hapapbuhay ang ipapataw

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

sa pagpapatunay ng katauhan at kaurian ng hanapbuhay.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

KAPASIYAHAN BLG. 164-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Lijauco na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAPASIYAHAN

na nagtitibay sa mga KAPASIYAHANG PAMBARANGAY na binulit ng Barangay Labas:

KAPASIYAHAN BLG. 05-'92 - na tumutukoy sa pagpapalit ng Ingat-yaman, kaya't ang lahat ng tungkulin ng dating Ingat-Yaman na si Olivia Cisneros ay inililipat sa bagong Ingat-Yaman na si Bb. Ma. Teresa D. Cartagena.

KAPASIYAHAN BLG. 06-'92 - na nagsasalin o naglilipat ng awtorisasyon (authorization) ni Gng. Olivia Cisneros kay Bb. Ma. Teresa D. Cartagena bilang opisyal na tagalagda sa Banko (official Bank signatories) sa ilalagak o ilalabas na pondo ng Barangay, at anomang transaksiyong opisyal na may kinalaman sa pananalapi ng Bgy. Labas, Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

*********

Ipininid ang pulong sa ganap na Ika-11:30 ng umaga sa mungkahi ni Kag. Tiongco na pinangalawahan ni Kag. Tiongco.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

PATOTOO:

CYNTHIA GOMEZ-MERCADO
Pambayang Kalihim

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad